PANGALAN:Llander [redacted] PETSA: Nobyembre 18, 2024

BAITANG:9-SAM GURO: Bb. [redacted]

"FAKE NEWS"

PAMBUNGAD/PANIMULA

Magandang umaga sa inyong lahat, Ngayo'y ipapaliwanag ko ang mga masamang dulot ng "fake news" sa ating komunidad at bansa.

KATAWAN

Sa panahong ito maari tayo maka sagap ng balitang hindi totoo, sa pamamaraan ng "chismis" at sa mga online na websites. Hindi natin masasabi na totoo lahat ng ating mga balita na naririnig at nababasa, sa dyaro man o sa ating telepono. Hindi rin maiiwasan na kumalat ang mga ganitong klase ng balita, ngunit maari nating "ma-prevent" ang mga ito sa pamamagitan ng pag tanong sa mga taong malawak ang kaalaman sa paksang ito, o sa pag gamit ng mga "reliable" na sources katulad ng ABS-CBN, BBC NEWS, at marami pang news orgs. Onti onting nasisira ang ating isip kung ano man ang totoo at hindi dahil sa mga balitang malayo sa katotohanan, katulad ng mga chain messages na pinapaniwalaan ng marami, mahirap ito pigilan dahil sa "majority" ng mga taong naniniwala dito. Bakit nga ba nabubuo ang fake news? Bakit nga ba ito nakalat? At bakit nga ba natin ito pinaniniwalaan? Dahil sa milyong milyong balita na ating natatanggap, dahil sa tiwala natin sa ibang tao, dahil sa ating pagiging pala kwento ng lahat ng ating naririnig o nasasagap, marami ang masamang nadudulot nito katulad ng paninira ng "reputation" o tingin ng ibang tao sa isa pang taong pinag gawan ng balita. Hindi lang ang mga ito ang dulot ng fake news, kundi ito rin ay nakaka dulot ng onting kabutihan, sa pamamagitan ng "white lies" o ang pag sisinungaling para sa kabutihan, ngunit madalas nagiging masama ang pag ggamit ng "white lies" dahil hindi parin ito malapit sa katotohanan. Katulad ng mga sikat na "challenge" dati, halimbawa ang "momo challenge" na marami ang nabawian ng buhay dahil sinabihan sila na patayin nila ang kanilang sarili, eto ang isa sa mga pinakang malalang epekto ng fake news.

WAKAS

Public
Llander M.

Lagi nating tandaan na hindi lahat ng ating natatanggap na balita ay tuwid sa katotohanan, lagi rin nating siguraduhin na totoo ang ating mga sinasabi sa ating kapuwa tao dahil tayo rin ay maaring sanhi ng pag kalat ng fake news.

Dito nag tatapos ang aking pananalumpati, maraming salamat sa inyong pakikinig at sana kayo ay may natutunan.

Public!
Liander M.